

Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka
20

Mga sagot sa Pagbigay ng tamang panghalip na panao

Talâ: panghalip - *pronoun*, panghalip na panao - *personal pronoun*

Panuto: Tukuyin ang panghalip na panao na maaaring pamalit sa mga salitang pinili sa bawat pangungusap. Isulat ang panghalip sa itaas o sa ibaba ng mga salita.

1. **Sila** ay naghahanda ng maganda at malaking pagdiriwang para sa anibersaryo ng kanilang mga magulang.
2. Tutulong **kami** sa paglinis ng kanilang bahay at bakuran.
3. “**Ako** ang magdadala ng inumin at yelo para sa salu-salo,” sabi ni Ariel.
4. **Siya** ang mag-aayos ng mga mesa at upuan.
5. **Kayo** ay matutuwa sa mga mang-aawit na darating mamaya.
6. **Sila** ang susundo sa ibang mga panauhin.
7. **Tayo** ay maghahanda ng mga palamuti na magpapaganda sa okasyon.
8. “Tito Joaquin! Kuya Jet! Aalis na ba **kayo**? Maaari ba akong sumabay sa inyo?” tanong ni Ariel sa dalawa.
9. “Magandang hapon po. Cristina Torres po ang pangalan ko. **Ako** po ang magdadala ng keyk na ipinagawa ninyo,” sabi ni Cristina.
10. Nakikita mo ba ang babae na kausap ni Tito Joaquin? **Siya** ang may-ari ng *bakeshop* na pinuntahan natin.
11. “Andres, puntahan mo si Tito Joaquin. **Ikaw** ang hinahanap niya para tumanggap ng keyk,” sabi ni Jet kay Andres.
12. “Ako at ang mga kasama ko po ang magtututog ngayong gabi. Saan po **kami** pupuwesto?” tanong ni Jay kay Amalia.
13. “**Kayo** ay uupo sa entablado. Nakahanda na ang mga upuan ninyo roon,” sagot ni Amalia kay Jay.
14. Dumating na ang mga serbidor, dala ang mga pagkain. Pakihatid **sila** sa kusina namin.
15. Tanungin mo si Jay kung nakuha niya ang listahan ng mga awit. **Siya** kasi ang bahala sa musika.

16. “Amalia, **ikaw** na ang sumalubong kina Tatay at Nanay,” sabi ni Andres kay Amalia.
17. “Mas mainam kung **tayo** ang sasalubong at babati sa kanila,” sagot ni Amalia kay Andres.
18. “Handa na ba ang lahat? Pauwi na ang mga magulang ninyo. Tiyak na magugulat at masisiyahan **sila**,” sabi ni Tito Joaquin.
19. “Manuel, Ariel, Marco, salamat sa lahat ng tulong ninyo. **Kayo** ay mga tunay na kaibigan,” pasalamat ni Andres sa tatlong lalaki.
20. Lubos na nasiyahan ang mga magulang nina Andres at Amalia. **Sila** ay nagpasalamat sa mga kaibigan at kapamilya na tumulong at dumalo sa okasyong ito.